# SINTAKS



- Ano nga ba ang SINTAKSIS?

  Tinatawag na SINTAKS ang bahaging ito ng linggwistika na may kinalamaman sa Sistema ng mga tuntunin at kategorya na siyang batayan sa pagbuo ng mga pangungusap.

  Sa madaling salita, ang sintaks ay pag- aaral ng struktura ng pangungusap.




Pagsasama ng mga salita ubang makabuo ng pangungusap na may kahulugan.

- Estraktura ng pangungusap
- Tamang pagkakasunod-sunod ng mga salita
- Uri ng pangungusap ayon sa gamit (pasalaysay, patanong, pautos atbp.)
- Uri ng pangungusap ayon sa kayarian (payak, tambalan, hugnayan, langkapan)
- Pagpapalawak ng pangungusap

# PINAGMULAN NG SINTAKS

**ANG PINAGMULAN NG WIKA**

**GENESIS 11:1**

**Sa simula 'y iisa at magkakapareho ang wikang ginagamit ng mga tao sa daigdig.**

**Kailan unang ginamit ang sintaks?**

SINTAKSIS

SINTAKS

PALAUGNAYAN

Salitang **balarila** na nagmula sa Ingles na **"Syntax"** na ang ibig sabihin ay "palaugnayan ng isang wika"

# ESTRUKTURA NG PANGUNGUSAP

## Pangungusap

- **Bahagi ng pananalitang nasasaad ng buong diwa.**

## Simuno o Paksa

- **Ang bahaging nagpapahayag ng pinag-uusapan sa pangungusap.**

## Panaguri

- **Ito naman ang bahaging nagbibigay n**
**kaalaman o impormasyon tungkol sa p**



# Pangungusap na walang tiyak na paksa

1. **Pangungusap na eksistensiyal** – Ito ay pagpapahayag ng pagkamayroon o wala.

   Halimbawa: *May mga raliyista ngayon sa Edsa.*

2. **Pangungusap na pahanga** – Ito ay nagpapahayag ng damdamin ng paghanga.

   Halimbawa: *Kay ganda talaga ng tanawin sa Boracay!*

# Pangungusap na walang tiyak na paksa

3. **Maikling Sambitla** – mga iisahing o dadalawahing pantig na nagpapahayag ng matinding damdamin.

Halimbawa: *Ay! Aray!*

4. **Pangungusap na pamanahon** – nagsasaad ng oras o uri ng panahon ang mga ganitong pangungusap.

Halimbawa: *Maulan na naman.*

# Pangungusap na walang tiyak na paksa

5. **Mga promulasyong panlipunan** – Ito ay mga pagbati, pagbibigay- galang at iba pa na nakagawian na sa Wikang Filipino.

   Halimbawa: *Mano po*.

6. **Modal** – Nangangahulugan ng gusto/nais/ibig.

   Halimbawa: *Nais kong makapag-aral*.

# PAGPAPALAWAK NG PANGUNGUSAP

- Pagdaragdag ng mga Paningit o Ingklitik.
- Paggamit ng mga Panuring.
- Pagsasama ng mga Pamuno sa Pangngalan.
- Paglalagay ng mga Kaugnay na Parirala.

*Batayang Pangungusap:*

Ang Great Wall of China ay simbolo ng Disnastiyang Ming.

*Pagpapalawak gamit ang Pang-uri:*

Ang **makasaysayang** Great Wall of China ay simbolo ng Disnastiyang Ming.

# PAGPAPALAWAK NG PANGUNGUSAP

- Pagdaragdag ng mga Paningit o Ingklitik.

  *Isinasama ito sa pangungusap upang mas malinaw ang mensahing nais iparating.*



| Mga halimbawa ng Ingklitik | | | |
|---|---|---|---|
| man | naman | kaya | kasi |
| yata | sana | tuloy | nang |
| ba | pa | muna | pala |
| na | daw/raw | din/rin | lamang/lang |

# PAGPAPALAWAK NG PANGUNGUSAP

- Paggamit ng mga Panuring.

## Dalawang kategorya ng mga Panuring:

1. Pang-uri na panuring sa pangngalan at panghalip.
2. Pang-abay na panuring sa pandiwa, pang-uri, o kapwa pang-abay.



| Mga Halimbawa ng Panuring | | | |
|---|---|---|---|
| Kasama | Buhay | Una | Makintab-kintab |
| Maginoo | Payat | Ikalawa | Baku-bako |

# URI NG PANGUNGUSAP AYON SA GAMIT AT KAYARIAN

May apat na uri ng pangungusap ayon sa gamit:

1. Paturol
2. Patanong
3. Pautos
4. Padamdam



# URI NG PANGUNGUSAP AYON SA GAMIT AT KAYARIAN

Uri ng pangungusap ayon sa kayarian:

- Payak
- Tambalan
- Hugnayan
- Langkapan





# HALIMBAWA NG SINTAKS

- Tumira nang matagal sina Kriztal sa Amerika.
- Sa Amerika tumira sina Kriztal nang matagal.
- Amerika tumira sa Kriztal matagal sina nang.



# MARAMING SALAMAT!

